

CHAPTER 1

Pakiramdam ni Ashley ay nasa gitna siya ng isang buhawi. Kinailangan niyang ilagan nang makailang ulit ang mga batang nagsisipagtakbuhan at ang mga yayang nagsisihabol sa kani-kanyang alaga. Pasado alas onse noon kaya kalalabas lang ng mga batang naka-enroll sa summer program ng *Montessori*. Kalahati pa lamang ng playground ng school ang natatawid niya. Pumunta siya roon para makipag-usap sa may-ari na nakakita ng ad niya sa Internet. Interesado itong magpagawa ng website para sa school.

Sa wakas ay narating niya ang dalawang palapag na gusali. Itinago niya sa sarili ang pagkadismaya nang ipaalam sa kanya ng sekretarya ng may-ari at directress ng school na kakailanganin pa niyang maghintay ng kalahating oras dahil may kausap pa raw na magulang ang huli. Nagpasya siyang doon na lang muna sa malawak na playground magpalipas ng oras habang nanonood sa mga batang naglalaro.

“Muniiiing...” Natuwa siya at napangiti sa narinig na maliit na tinig ng batang babae, napakalambing niyon at kahit hindi siya ang tinatawag nito ay napatigil siya sa paglalakad palabas ng gate. Sa pinakaunang kahoy na bench sa gawing kanan niya ay nakita ni Ashley ang isang naka-squat na batang babae. Hindi nito pansin ang laylayan ng palda nitong sumasayad na sa lupa. Inaabot ng maliit na braso nito ang kuting na nasa ilalim ng bench.

“Ikaw na bata ka, oo! S’abi ko na sa iyong huwag mong kulitin ang pusang iyan. Dirty iyan,” sabi ng yaya ng paslit na halatang kanina pa sinasaway ang alaga.

Waring hindi narinig ng paslit ang nakatatandang babae. “Come here, Muning...” Saka lang napansin ni Ashley ang hawak nitong maliit na tetra-pack, pinisil nito iyon at mula sa straw ay pinatulo ang gatas sa lupa. “Drink some milk, o.”

Lalo siyang naaliw sa bata nang malaman kung ano ang gusto nitong mangyari.

Hindi na nakatiis ang yaya kaya binuhat na nito ang alaga at iniupo sa kandungan nito. Naupo rin si Ashley sa tabi ng mga ito at patuloy na pinagmasdan ang bata. Pilit itong yumuyuko at sumisilip sa ilalim. “Yaya, can Muning go home with us?”

Nakangising napailing ang babaeng may kalong dito habang pinipilit ituwid ang pagkakaupo ng alaga. “Hindi puwede, allergic sa hayop si Daddy mo, hindi ba?”

Pagkasabi niyon ay kusang umayos ng pagkakakandong ang bata at inihilig ang ulo sa dibdib ng yaya at tiningala ito. “Eh, kawawa naman siya. ’Asan kaya

ang mommy niya?”

Sa puntong iyon ay nagkatinginan si Ashley at ang yaya ng paslit.

Hindi napigilan ni Ashley na haplusin ang ulo ng bata, at sa ginawa ay napukaw niya ang atensyon nito. Dalawang bilugang mata na napapalibutan ng makapal at mahabang pilik ang bumaling sa kanya. Nginitian niya ito at parang may kung anong kumislot sa puso niya nang tugunin siya at bumungad sa kanya ang maliliit na ngipin nito.

Tumawa ang yaya nito. “Ikaw naman, lahat na lang ng nakikita mo mapa-hayop o bata hinahanapan mo ng mommy.” Nginitian si Ashley ng yaya ng bata, halatang natutuwa sa alaga nito. “Wala na po kasi ang mommy nito, eh, kaya nakikisimpatya sa mga katulad niya,” chika pa nito sa kanya.

Parang kinurot ang puso niya sa narinig. Ilinipat niya ang tingin sa nagsalita, balak mag-usisa kung nasaan ang ina ng paslit. Bagay na hindi na niya nagawa dahil bumaba ang bata sa kandungan ng yaya at tumayo sa tapat niya. Kinuha nito ang isang kamay niya at pilit siyang hinatak patungo sa direksyon ng mga swing. Bakas sa tinig nito ang excitement.

“Can you push me po?” Nakakaengganyo ang enthusiasm nito habang itinuturo sa kanya ang swing. “Pleeease?”

Tumango siya at tumayo, balak pagbigyan ang batang nagpatiuna na sa swing.

“Yaya, okay lang ba kung sasamahan ko si...”

Natigilan siya at nangiti. Ni hindi pa nga niya alam

ang mga pangalan ng dalawa.

“Daddy!” masayang sigaw ng bata. Bumaba na ito sa swing bago pa siya nakapunta sa likod nito para itulak ito. Nagtatakbo ito patungo sa ama na nasa likuran niya. Hindi pa rin naalis ang ngiting sinundan niya ito ng tingin.

At tila plaster of Paris na nanigas ang panga ni Ashley nang makita ang ama ng bata. It was Jonathan Villareal. Nanariwa sa isip niya ang una nilang pagkikita nito.



Five years ago....

Naiinip na inilapag ni Ashley ang cellphone matapos makita na dalawang oras na ang lumipas mula nang matanggap niya ang text ng Kuya Louie niya. Kasalukuyan niyang hinihintay ang nakababatang kapatid ng kanyang ina sa isang coffee shop sa Ortigas. Walong taon lamang ang agwat ng edad nila kaya musmos pa lang ay nakasanayan na niyang tawagin itong ‘Kuya’ sa halip na uncle o tito.

Sa California na siya isinilang at doon na rin lumaking sakit ng ulo ng ina. Kahit gaano kalaki ang perang ibinigay ng magulang ay nauubos niya sa mga walang katuturang bagay o panlilibre sa mga kabarkada. Maging ang mga mamahaling bagay na ipinupundar ng ina ay nakukuha niyang ibenta. Bawat taon sa high school ay iba’t ibang paaralan ang pinapasukan ni Ashley at kung hindi siya naki-kick out ay napapabarkada siya sa mga kabataang masasamang impluwensya.

Her mom finally decided enough was enough when,

for the third time, she went home with scratches and bruises all over, courtesy of a catfight. Kasalukuyang nagbabakasyon noon si Louie sa tahanan nila at nagkasundo ang mga ito na sa Pilipinas na siya pag-aralin ng kolehiyo.

Narinig niya ang desperadang tinig ng ina habang ipinapakiusap nito sa tiyuhin na bantayan siyang maigi. They were two of a kind she had said, they were both rebels. Sa kabila ng sinabi ng ina, hindi nakalampas sa tainga niya ang himig ng paghanga para sa nakababatang kapatid nang sabihin nitong napakalaki ng ipinagbago ni Louie at naniniwala itong mababago rin ang disposisyon ni Ashley kung ang tiyuhin na dating pasaway ang magiging gabay niya.

Ikinatuwa niya ang bagay na iyon dahil para sa kanya hindi hamak na mas cool ang Kuya Louie niya kaysa sa kanyang ina na dalawa lang ang alam sabihin: 'no' at 'I don't know what to do with you anymore.'

Magaan ang loob nila ng Kuya Louie niya sa isa't isa, kahit maikling panahon lamang sa loob ng isang taon niya ito kung makasama. Lumaki siyang walang ama at ang lolo niya ni minsan ay hindi nagpakita ng pagmamahal para sa kanya.

Tanging ang Kuya Louie niya ang nagpuno ng mga kakulangang iyon. Hindi siya nito tinatrato na parang isang bata, pinakikinggan nito ang mga hinaing niya.

Isang taon na ang lumipas mula nang isama si Ashley ng tiyuhin sa Pilipinas. Tuwang-tuwa ang kanyang ina na nakatapos siya ng isang taon sa kolehiyo nang hindi naki-kick out at magaganda pa nga ang marka niya noong

unang semester.

Pero kahit na ganoon, pinanindigan ng ina na tanging pang-tuition, pantustos sa mga expenses sa eskuwela at sapat na allowance lang ang ipapadala nito sa kanya. Panahon na raw para matutunan niyang maging masinop sa perang pinaghirapan nito. Wala iyong kaso sa kanya dahil ang deal nila ng Kuya Louie niya, ibibigay nito ang lahat ng luho niya at palalampasin din ang kalokohan niya basta siguraduhin lamang niyang maayos ang kanyang pag-aaral at hindi siya gagawa ng ikapapahamak.

She kept her end of the bargain. Higit pa nga roon kung tutuusin, dahil noong unang sem ay nakasama siya sa Dean's List at halos sigurado na siya na maging sa second sem ay kasama pa rin siya roon. Kaya naman ngayong natapos na ang finals niya ay may usapan sila ng tiyuhin na magba-bar hopping sila nang gabing iyon para mag-unwind.

Nag-ring ang cellphone na nasa tabi niya, sa gawing kanan. "But I've been waiting here for two hours already!" pagmamaktol niya nang sabihin ng kausap sa kabilang linya na baka madagdagan pa ng thirty minutes ang paghihintay niya. May balak pa sana siyang mag-whine na hindi na nararapat sa edad niya, hindi na lang niya itinuloy dahil nakuha ng isang guwapong mama na naglapag ng tray sa katapat na mesa ang buong atensyon niya.

"Fine, I'll just wait for you, but make sure you're not gonna bail out on me okay?" biglang bawi niya.

Walang pangiminging pinagmasdan ni Ashley ang lalaking kaakit-akit. Sa taas niyang 5'8", kadalasan

ay mga lalaking tila basketball player ang taas ang napagdidiskitahan niya. Ang isang ito sa tingin niya ay limang pulgada ang tangkad sa kanya. Maputi ito at makinis ang balat para sa isang lalaki. Ang mga mata nitong malalim at seryoso ay tila palaging may tinititigang kung ano. Matangos ang ilong nito na tila pinaghirapang ililok ng isang iskultor. Nagmumukha itong istrikto sa maninipis na labi pero sa kabila niyon ay tila may itinatago rin itong kapilyuhan. Lalaking-lalaki ang hubog ng panga nito, parang nagbibigay ng babala sa sino mang mangangahas na kantiin ito.

Sa tagal ng pag-iimbentaryo niya sa bawat bahagi ng mukha ng lalaki ay napansin na yata nito na may nakatitig dito. Nag-angat ito ng tingin habang inaalis sa tray ang kape nito at butterscotch bar na nasa isang platito.

Napalunok si Ashley nang magsalubong ang kanilang mga paningin. Mas kaakit-akit pala ang mata nito kung sa kanya na nakatutok. Kung hindi siya nakaupo, marahil ay kakailanganin niyang kumapit sa kung saan para manatiling nakatayo. Ngumiti siya nang malawak, bagay na alam niyang kinagigiliwan ng lahat. Alam na alam niya kung gaano siya kaganda. Ang katunayan, karamihan sa mga kaklase niyang lalaki ay nagkakandarapang makipag-date sa kanya.

Pero marahil ay may ibang dahilan ang mga ito bukod sa kagandahang taglay niya.

Sa America siya lumaki. Liberated siya at kung titingnan kung paano siya manamit, nakasisiguro siyang ang tanging dahilan kung bakit nagkakandarapa ang mga kaklase sa pagkuha ng atensyon niya ay dahil iniisip ng

mga ito na easy to get siya.

Sa gulat ni Ashley ay parang hindi tinatablan ang lalaking kaharap. Bagaman nakatitig sa kanya, walang nabago sa ekspresyon ng mukha nito. Medyo nangangalay na rin ang mga labi niya sa pagkakangiti. Tumingin ang lalaki sa likuran nito. Bahagyang tinted na salamin lang ang makikita nito dahil kapwa sila nasa labas ng coffee shop kung saan maaring manigarilyo habang umiinom ng kape ang mga customers.

Nang muli siyang harapin nito, napagpasyahan na niyang gamitin ang pinakaepektibong armas sa arsenal niya. Mapang-akit na sinuklay niya ng mga daliri ang buhok at bahagyang ipinilig ang ulo sa kaliwa. Ang mga sulok ng mga labi nito ay unti-unting gumalaw hanggang sa tuluyang lumabas ang isang ngiti roon. Pakiramdam niya ay nabaligtad ang sitwasyon, siya ang naakit nito. He was attractive when he didn't smile. He looked sinfully sexy when he did.

Muli siyang sumipsip ng kape, habang patuloy na nakikipagpalitan ng malagkit na tingin sa estranghero. Waring may premyo kung sino man ang hindi kukurap. Pakiwari niya, napakainit nang mga sandaling iyon, bagay na bumagabag sa kanya. Hindi naman kasi ganoon ang pakiramdam niya habang iniinom niya ang kape bago dumating ang lalaking ito.

He stayed where he was, much to her disappointment. Malayong-malayo ito sa mga kaklase niya. Sa tantiya niya ay nasa mid-twenties ang edad nito. Pinagmamasdan pa rin siya nito habang humuhugot ng stick sa kaha ng sigarilyong hawak nito. Itinaas nito

ang isang kilay at ipinaling sa gawi niya ang pakete ng sigarilyo.

Alam na niyang hindi ito ang unang lalapit sa kanya. Talo siya. Tahimik na sinasabi ng lalaki na alam na nito ang laro niya at di hamak na mas bihasa ito kaysa sa kanya. Tumayo siya at dahan-dahang kinuha ang cellphone, tasa ng kape at clutch bag. Binigyan niya ito ng mahabang sandali para mapagmasdan ang mahahaba at makikinis niyang binti na hindi naitago ng hapit na hapit na paldang halos wala nang tinatakpan. Hindi pa nakuntento sa ginawa, tumalikod pa siya para siguruhin kunwari na wala siyang naiwang gamit sa mesa. Inilantad ng backless na pang-itaas ang likod niya na animo'y likod ng modelo ng lotion sa telebisyon.

Hinatak nito ang upuan sa tabi nito para sa kanya. Muli nitong inialok ang sigarilyo matapos siyang makaupo. She was more of a social smoker than a habitual one. She was definitely socializing. Kumuha siya ng isang stick at inilagay iyon sa pagitan ng mga labing nagsusumigaw na pula ang lipstick. Banayad na dumampi ang mga dulo ng daliri nito sa kanyang pisngi nang itakip nito ang isang kamay habang sinisindihan ang sigarilyo. Kakaibang sensayon ang dulot ng bahagyang pagdidikit ng kanilang balat.

“Thank you.” Isang mahabang hithit ang ginawa ni Ashley para pakalmahin ang mga ugat na tila buhay na buhay. Mukhang kakailanganin niya rin ng tranqulizer dahil ultimo ang baritonong tinig nito ay kakaiba ang epekto sa kanya nang marinig na niya ito.

“Waiting for someone?” tanong nito matapos ibuga

ang usok sa isang tabi, palayo sa kanya.

Ipinilig niya ang ulo sa gawi nito, “Uh-huh.”

“Boyfriend?” untag nito sa tonong tila hindi kawalan dito kung may nobyo man siya o wala.

Naiinis siyang bahagya dahil muling ipinaramdam nito sa kanya na hindi ito ganoon kainteresado sa kanya. Umiling siya. “No, I don’t have one.”

“Sa tingin ko, mahirap ’atang paniwalaan ’yan.” He looked her over and when he was done, appreciation was clearly etched on his face. Sa wakas ay na-appreciate din nito ang anyo niya.

“I know right.”

“Baka naman masyado ka lang mapili.”

“Hindi, ’no,” mariing tutol ni Ashley habang bahagyang nanunulis ang nguso. “I’m talking to you, di ba?” Itinaas pa niya ang isang kilay at ngumiti nang pilya.

“You made an excellent choice then,” sabi nito bago sumimsim ng kape.

Nagkibit siya ng balikat at luminga-linga sa paligid niya. “I didn’t have a choice, you’re the only one sitting here at the moment.”

Saglit itong natahimik, mayamaya ay malapad itong ngumiti at napailing na lang. “Ouch!” sabi nito. Lumipat ang tingin nito sa butterscotch bar. Dinampot nito iyon at inilapit sa bibig niya nang hindi nagtatanong kung gusto ba niya.

“Para patunayan sa ’yo na hindi ako nagtatampo kahit na ipinamukha mo sa akin na pinagtitiyagaan mo lang ako, I’ll share my butterscotch bar with you.”

Nagulat man sa ginawa nito ay ibinuka pa rin ni

Ashley ang mga labi at kumagat nang maliit. Ipinikit pa niya ang mga mata at dahan-dahang nginuya iyon.

“Ang sarap!” Narinig niya ang tawa nito sa reaksiyon niya, at pati ang tunog niyon ay nagustuhan niya.

“Lalo akong hindi makapaniwalang wala kang boyfriend. Tingin ko, napakadali mong i-please.”

She could flirt and laugh with this man all night. Nahiling niya tuloy na sana ay maipit pa sa traffic ang kuya niya.

Pinagmasdan niya ang mga mata nitong hindi na itinago ang pagkaaliw sa kanya. Parang may nanulay na kuryente mula sa talampakan niya hanggang sa lahat ng himaymay ng katawan niya nang dumampi sa labi niya ang hinlalaki nito para pahirin ang mga butil ng pagkain na naiwan sa gilid ng bibig niya. Nabiglang napaatras siya, kakaiba para sa kanya ang maapektuhan nang ganoon. Napansin nito iyon at agad na binawi nito ang kamay. Kita sa naging reaksiyon nito na iniisip nitong baka minasama niya ang bagay na iyon. Ang totoo ay nagustuhan ni Ashley ang ginawi ng lalaki, sadyang nagulat lamang siya sa kakaibang damdamin sa tuwing magkakadikit ang kanilang balat.

Marahan niyang ipinatong ang kamay sa braso nito, pumihit patagilid dito at pinagkrus ang mga binti. Kitang-kita niyang sinundan ng mga mata nito ang galaw niya.

“Tell me something about yourself,” sabi niya sa isang nakakahalinang tinig.

Muling ibinalik nito ang tingin sa mukha niya, nanumbalik ang mapaglarong ngiti sa mga labi nito.

“Hindi ako interesting na tao, tingin ko it’s better if you

tell me something about yourself instead.”

“What do you want to know?”

“Why don’t you start by telling me your name?”

Muli siyang humithit sa sigarilyo at inalis ang kamay na nakapatong sa braso nito. Isinandal niya ang likod sa upuan at pinagmasdan ito.

“Angel.”

Nagtaas ito ng kilay, inilapit ang upuan sa kanya at kinuha ang isang kamay niya na nakapatong sa ibabaw ng hita niya.

“Hindi ako naniniwala.” Pinagmasdan nito ang mga daliri niya.

“W-why?” Sa pandinig niya ay parang ipis ang tunog ng boses niya. His thumb was caressing each of her fingers and it was robbing her of her ability to think. Nang magtaas itong muli ng tingin, pakiramdam niya ay posible ang tinatawag na spontaneous combustion. Sa paraan ng pagkakatatig nito sa kanya, parang segundo na lang ang bibilangin bago siya nito tanungin ng: “Your place or mine?”

“Because we both know you’re far from being one.”

Kasalanan niya kung ganoon man ang impression nito sa kanya. Siya ang nag-umpisa. Ngayong nakikita na niya ang epekto niyon sa lalaki, kinakabahan naman siya. Dahan-dahan niyang binawi ang kamay at agad idiniin sa ashtray ang natitira pang sigarilyo. Dali-dali siyang uminom ng cappuccino na lumamig na. Kailangan niya munang makalayo sa estrangherong ito kahit saglit, kakaiba ang nagagawa nito sa kanyang pulso. Wala pang kahit na sino ang nakaaapekto sa kanya nang ganoon.

“Am I making you nervous?” tanong nito, parang nahalata ang pag-aalinlangan niya.

Tumawa siya. “Of course not!” tanggi niya. Muli niyang ipinaskil ang mapanuksong ngiti sa mga labi niya. She just needed a few minutes to gather her wits and try to purge the strange sensations he evoked in her.


Nagpaalam siya rito na pupunta lang sa restroom.

Pagdating sa banyo ay nakahinga nang maluwag si Ashley. Nasa hitsura ng binata na hindi bago rito ang konsepto ng one-night stand. Dahil na rin sa kagagawan niya, most likely iniisip nito na pareho lang sila.

Paano kung ayain nga siya nito? Sasama ba siya? Ganoon ba talaga niya kagusto ang lalaki para basta na lang sumama rito o na-challenge lang ba siya dahil mukhang suplado ito at hindi apektado noong una kahit anong pang-aakit ang gawin niya? Iyon ang problema sa kanya, kapag may bagay o tao na tingin niya ay hindi niya makukuha, gagawin niya ang lahat para mapunta ito sa kanya. Kahit pa may nagmamay-ari na rito o wala. Kahit makakabuti o makakasama sa kanya. Pagkatapos makamit ang bagay o tao na iyon ay agad din niyang pinagsasawaan. That attitude always got her into trouble. Apparently, she had not learned her lesson yet.

Ganoon din kaya ang nararamdaman niya sa lalaki? Kaya ba siya lumayo rito ay dahil napatunayan na niyang kaya niya itong kunin? O dahil natatakot siyang sa halip ay siya ang makuha nito?

Ah, bahala na! Ipinikit niya ang mga mata. Nang magmulat, naghilamos siya ng tubig at inayos muli ang sarili at saka lumabas ng banyo.



CHAPTER 2

Matiyagang inabangan ni Jonathan ang babaeng naging palaisipan sa kanya. Katulad din ito ng ibang liberated na babaeng nakikilala niya, pero may kung anong kakaiba dito na hindi niya matukoy.

“Jon?” Tiningala niya ang pinanggalingan ng pamilyar na tinig. Agad siyang napatayo mula sa kinauupuan at nakipagkamay sa lalaking kitang-kita sa mukha ang pagod pero natutuwa sa pagtatagpo nila.

Sabay silang naupo at nagkumustahan.

Natutuwa man sa aksidenteng paghaharap ng kaibigan na tiyak niyang mauuwi sa mahabang kuwentuhan o inuman, pero nanghihinayang din siya dahil mapuputol ang anumang nasimulan nila ng kaakit-akit na babae.

I'll just ask for her number, tahimik na pasya niya.

Siyang pagbalik ng babae, at muntik na siyang mapatayo sa kinauupuan nang halikan nito sa pisngi ang lalaking katabi niya.

Damn! Did he just flirt with his friend's girlfriend?

Agad siyang inusig ng konsyensya at nataranta nang husto sa pag-aalalang malaman ng kaibigan kung paano sila nag-usap ng babae kanina. Nakahinga lamang siya nang maluwag nang maisip na marahil ay takot din ang estranghera na malaman ni Louie ang tungkol doon, maliban na lang kung gusto nitong makipag-break sa nobyo nito.

“You’re so tagal!” reklamo ng dalaga sa kaibigan niya.

Sanlibong tanong ang nasa utak ni Jon nang mga sandaling iyon. Papaano nagawang kumilos ng babae nang ganoon sa kanya gayong may nobyo pala ito? Bakit tila kalmado lang ito? Nasagot naman agad ang karamihan sa mga tanong niya.

Ipinakilala sa kanya ng kaibigan si Ashley del Valle, ang pamangkin nito na disiocho lamang! Sa ayos at kilos ng dalaga, sino ang mag-iisip na ganoon ito kabata? Pinagpawisan siya nang malapot nang mapagtantong muntik na niyang sirain ang pagkakaibigan nila ni Louie dahil sa mga makasalanang bagay na naiisip niya habang kausap ang babae.

“Kuya, mauuna na ako. Mukhang matatagalan pa kayo, eh. Okay lang ba kung mga friends ko na lang ang yayain ko sa bar?”

Laking pasasalamat na lang ni Jon na sinundan ni Ashley ang pagpapanggap niyang unang pagkakataon lamang niya itong nakaharap.

Pinagmasdan niya si Louie, hindi siya makapaniwalang kinukunsinti nito ang pamangkin. Para

sa kanya ay masyado pa itong bata para magliwaliw sa bar na kapisaso lang ang suot. Siguradong pagpapantasyahan ito ng mga lalaking makakasalamuha nito. Alam niya, dahil iyon ang ginagawa niya kanina.

Nang maalala niya kung paano sila nag-usap nito kanina lang ay naikuyom niya ang palad nang hindi niya napapansin. Ganoon din kaya ang gagawin nito kung saan mang bar ito mapadpad? Hindi kaya nito iyon ikapahamak? Eh, ano ba sa kanya? Kung iyong sariling kadugo nga nito tila hindi nababahala, siya pa na hindi nito kaanu-ano?

Iling-iling ang kaibigan niya matapos nilang sundan ng tingin ang dalagang papalayo sa kanila. “I know what you’re thinking, pare. Hindi naman ako ganoong kapabaya. Naisip ko lang kasi na kung paghihigpitan ko siya baka mas lalong magrebelde. Kahit tingin mo masyado akong lenient, pinagsasabihan ko pa rin ’yon from time to time.”

Tumango lang si Jon bilang pagsang-ayon. Sa kabila niyon ay hindi niya maipaliwanag ang pagkukukot ng kalooban niya at pag-aalala para sa babae.

Ilang oras pa silang naglagi roon ni Louie. Matagal na niyang kakilala ito, sa katunayan siya ang unang naging malapit na kaibigan nito noong bagong dating pa lamang ito ng Manila. Napapabarkada ito sa masasamang impluwensya sa America kaya pinauwi ito sa Pilipinas ng mga magulang para magkolehiyo. Hindi na nakapagtatakan siya rin ang naging matalik na kaibigan nito. Nang pumasok siya sa isang resort chain, naging

madalang na ang pagkikita nila nito dahil naging abala naman si Louie sa pagiging isang branch accountant ng isang bangko.

Nalaman niyang nag-resign na pala ito roon at ang hobby na lang nito noong college na pag-set up ng sasakyan ay sineryoso at ginawang isang malagong negosyo.

Nabanggit nito ang planong magtayo ng one-stop shop para sa mga car enthusiasts. Sasamahan na iyon ng car wash at coffee shop na matatambayan ng mga naghihintay. Ayon kay Louie ay masusi na nitong napag-aralan ang lahat ng aspeto ng negosyong balak nitong itayo. Malaki ang interes niya sa sinabi nito. College pa lang sila ay marami na ang kumokonsulta rito para sa mga usapin tungkol sa sasakyan, kaya naniniwala siyang mabuting ideya ang makisosyo rito.

Kabibigay lang ng kanyang ama ng parte niya sa napagbentahan ng lupa at bahay ng namayapa niyang lola. Naisip ni Jon na mas mabuting i-invest ang bahagi niya sa isang negosyo na maaari niyang pamahalaan kaysa ilagak ito sa bangko. Kinabukasan, pinuntahan niya sa bahay nito si Louie para sabihing interesado siyang maging kasosyo nito sa bagong negosyo.

Pinipigilan niya ang sariling makaramdam ng excitement habang hinihintay niyang may magbukas sa kanya ng gate. Naroon kaya si Ashley?

Hindi niya na dapat pinag-iisipan ang dalaga, napakabata pa nito para sa kanya. Isang malaking kahangalan iyon lalo pa at pamangkin ito ng kaibigan niya

at magiging kasosyo niya sa negosyo. Kahit magpasirko-sirko pa siya, wala siyang maisip na magandang maidudulot ng pakikipaglapit sa dalaga.

“Hello, stranger.” Napatuwid siya ng tayo nang marinig ang tinig na iyon. At mukhang may balak pa yata itong ituloy ang naudlot nilang usapan noong nagdaang gabi ngayong hindi kaharap ang tiyuhin nito.

Siya ang nakatatanda at dapat lang na linawin niya rito na walang maaaring mamagitan sa kanila nito.

Nagtiim ang bagang niya nang pumihit siya para harapin si Ashley. Kasalukuyan itong bumababa sa mountain bike nito, nakasuot ng leggings na hapit na hapit at sports bra na hindi umabot sa flat na abs nito. Hindi man lang ito naglagay ng kamiseta o tank top sa ibabaw niyon. The girl was too liberated for her...and his own good. Naglalaro na naman sa mga labi nito ang pilya at mapang-akit na ngiti.

“After our conversation last night I thought you’d be happy to see me. Si Kuya kasi, eh, dumating agad. We could have had more fun together you know.”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “Look, last night was a mistake. Hindi ko alam na pamangkin ka ni Louie at kung ilang taon ka na. Kung alam ko lang, I wouldn’t have tolerated you.”

Umarko ang kilay nito. “Tolerated?” Kunwari’y nag-isip pa ito. “If my memory serves me right, you were holding my hand, rather sensuously if I may add, seconds before I went to the washroom.”

Humugot siya ng malalim na hininga. “Hindi ako

cradle snatcher!” nagnangalit ang ngipin na sabi niya. “At lalong hindi ko tinatalo ang mga kaibigan ko. Go find someone your own age, and damn it, stop smiling at me like a hooker!” Agad siyang inusig ng konsyensya nang makitang sumeryoso ang anyo ni Ashley at tila nasaktan sa mga sinabi niya.

Alam ni Jon na naging napakagaspang niya pero hindi niya iyon ihihingi ng paumanhin, dahil ginawa niya iyon para tumatak sa kukote nito ang punto niya.

Patuloy lang siya nitong pinagmasdan sa mga matang puno ng hinanakit at tila naghihintay ng paumanhin mula sa kanya. Nagmatigas siya at hindi kumibo. Tahimik na kinuha nito mula sa belt bag ang remote ng garage door at pinindot iyon. Hindi na siya muling sinulyapan nito habang inaakay nito ang bike papasok. Hindi siya dapat makonsyensya, tama lang ang ginawa niya. Sinuklay niya ng mga daliri ang buhok bago sumunod dito.

Ni hindi ito humingi ng tulong sa kanya kahit kitangkita niyang nahihirapan itong itaas ang bike para isabit sa rack nito. Ipinikit niya nang mariin ang mga mata. Nang imulat niya ang mga iyon ay lumapit siya sa dalaga at walang sabi-sabing hinawakan niya ang frame ng bike at binuhat iyon nang walang kahirap-hirap at ilinagay sa rack. Pilit niyang binura sa isip ang kakaibang sensayong muling dumaloy sa bawat kaliit-liitang ugat niya nang hindi sinasadyang mahawakan niya ang kamay nito at magkadikit ang kanilang mga braso. Tila napasong napaatras siya. Laking pasasalamat ni Jon nang lumabas ng pinto ang taong pakay na halatang kagagaling lang sa

“Sorry, pare, hindi ko narinig ang doorbell! Namalengke sina Manang. Sana hindi ka masyadong matagal naghintay.”

Umiling siya. “Okay lang, kararating ko lang naman nang dumating si Ashley.”

“Ash? Favor, paki-brew naman kami ng coffee o, please?” baling nito sa pamangkin.

Nakangiting tumango ang babae at nagpatiuna sa kanila. Nang magkatapat na ito at ang tiyuhin ay nagbiro pa ito.

“What’s in it for me?” Malambing na inakbayan ni Louie ang dalaga.

“If you can make us a decent cup of coffee I’ll get you that 16 inch mag wheels na inuungot mo, pa-birthday ko na ’yon ha. Iyon, eh, kung kaya naming sikmurain ang kape mo.”

“Kuya naman, eh!” reklamo nito. “That’s not fair! You can easily say that you don’t like it even if you do, para you don’t have to give me the mag wheels!”

Tumawa si Louie at binalingan siya. “Eto o si Jon, siya ang tatanungin natin mamaya. Bibigyan pa kita ng tip. He wants his coffee black, but with sugar.”

Nawala ang ngiti ni Ashley nang sulyapan siya. Bakit ba apektado siya roon? Ano ngayon kung simangutan siya nito?



Pahapyaw na binasa ni Jon ang ginawang feasibility

study ni Louie at nagustuhan niya ang mga figures doon kaya nakipagsarado na siya rito nang tuluyan. Sapat na ang bigay na pera sa kanya ng ama para pampuhunan.

“So, will Ashley be getting her mags?” Nakatingin sa kanya si Louie habang ibinababa niya ang tasa ng kape. Gayon na nga lang ang pagpipigil niyang ibuga ang likido na kung hindi lang amoy kape ay iisipin niyang lupa na nilagyan ng arnibal.

Sinulyapan niya ang dalaga, at base sa pilyang pangingislap ng bilugang mga mata nito at pagkakataas ng isang sulok ng mga labi, natitiyak niyang hindi kalasa ng kape niya ang kapeng inihanda nito para sa kaibigan. Espesyal ang sa kanya. He deserved it after all.

“Definitely!” After the nasty things he had said to her, the least he could do was help her get what she wanted. Napaka-childish ng ginawa nito pero hayun siya, gustong hablutin ito at alisin sa pamamagitan ng malalim na halik ang pagkakaismid nito.



“...they let us water the plants, Daddy! ’Tapos wa-wash kami ng glass namin!” excited na kuwento ni Jessy sa malakas na tinig. “I have a new friend! Sam ang name niya...” Naramdaman ni Jon ang naiinis na paghatak ng bata sa polo niya.

“Daddy! You’re not listening to me!” nanunulis ang ngusong reklamo ng bata. Tila natapos sa isang session ng hipnotismong nanumbalik sa kasalukuyan ang diwa ni Jon. Sinulyapan niya ang anak at kinurot ang pisngi

nito. “Sorry, baby, may iniisip lang si Daddy.” Para bumawi sa anak ay kinarga niya ito at iniupo sa kandungan niya habang hinahaplos ang buhok nito.

“Sige nga, tell Daddy everything you did kanina.” Iyon lang ang go signal na hinihintay ng anak at tila announcer sa basketball na mabilis na nagkuwento itong muli. Bumibigat na ang talukap ng mga mata nito at panay ang hikab pero pinipigilan ang antok.

“Why don’t you take a nap?” tanong ni Jon mayamaya. Nagsimulang umiling ang paslit. “Dito lang si Daddy sa room mo, okay ba iyon?” Nakangiting tumango ito at iniyakap ang maliliit na braso sa leeg niya.

Sandali pa lamang lumalapat ang likod ng bata sa kama ay pumikit na nang tuluyan ang mga mata nito. Masuyong pinagmasdan ng ama ang bata at hinaplos ang pisngi nito. Maingat na lumabas siya ng silid nang makitang mahimbing na ang tulog nito.


Tumungo si Jon sa patio at nakahalukipkip na tumingin sa kawalan. Isang malalim na buntong-hininga ang pinawalan niya. Matagal silang nagkatitigan ni Ashley nang humarap ito sa kanya kanina, gayunman ni hindi siya nag-abalang kumustahin ito o i-acknowledge man lamang ang presensya nito. Kinalong niya ang anak na walang tigil sa pagkaway sa babae hanggang sa maisakay na niya ito sa sasakyan.

Lalong gumanda ang mukha ni Ashley at maging ang katawan nito ay lalong gumanda ang hubog sa tingin niya. Napakalaking kontrol ang kinailangan niya para pigilan ang sariling maalala kung gaano kasarap ang pakiramdam

nito sa mga bisig niya, na parang sadyang nilikha sila para sa isa't isa.

Matapos maalala ang ginawa nito at kung gaano kamakasari ang babae, hindi na niya kinailangan pang kontrolin ang damdamin. Anuman ang nararamdaman niya para rito na muntik nang buhayin ng muli nilang pagkikita ay tila бага na binuhusan ng isang baldeng tubig.





CHAPTER 3

“**S**he’s so cute, Kuya, at ang sweet-sweet pa. Sayang dumating kasi agad si Jon. I’ll go to the school tomorrow to see her again.” Hindi magkandatutong pagkukuwento ni Ashley sa tiyuhin habang ang huli ay nagkukuwenta ng pasahod para sa mga empleyado ng coffee shop. Doon siya tumuloy pagkagaling sa school.

“No, you’re not.” Kapwa napaangat ang ulo nila ng tiyuhin nang marinig ang matigas na tinig sa likuran niya. Katerno ng tinig ng lalaki ang ekspresyon nito sa mukha. Ibinaling nito ang matalim at nang-aakusang tingin kay Louie. “Akala ko ba naiintindihan mo ako? Bakit mo sinabi sa kanya kung nasaan si Jessy?”

Sinulyapan siya ng tiyuhin bago umiling, itinuro nito ang upuan para sa bagong dating. Nakakunot ang noong naupo si Jonathan sa harapan ni Ashley.

“It was a coincidence, Jon, prospective client pala ni Ash ang may-ari ng school. Pinapunta siya doon ng

directress para magkausap sila nang personal tungkol sa gusto niyang ipagawang website. Simula nang dumating si Ash three days ago hindi na niya ako tinantanan sa kakatanong kung nasaan ang anak n'yo—

“Anak ko,” putol ni Jon at pagtatama sa sinabi ni Louie.

Hindi na natiis ni Ashley ang pananahimik. “I was the one who gave birth to her, Jon. Anak ko rin si Jessy,” sabi niya sa mahinahong tinig.

“At sa tingin mo that makes you her mother?” singhal nito. Binalingan nitong muli ang kaibigan. “Alam na ba niya?” Nang ibalik nito ang tingin sa kanya, kitang-kita niya ang galit sa mga mata nito. “That Jessy thinks her mom died when she was still a baby?” pagpapatuloy nito sa tinig na tila ipinagmamalaki sa kanya ang kasinungalingang sinabi nito sa anak nila.

Napasinghap si Ashley, nawala ang pagiging kalmado sa narinig. “Paano mo nasabi sa isang bata na patay na ang mommy niya?” nanggigigil na tanong niya.

“Paano mong nakayang hayaang lumaki ang batang iyon nang walang mommy?” balik nito na tila patalim sa talas ang tingin sa kanya. “Ang lakas ng loob mong kuwestyunin ang desisyon ko. Ano ang gusto mong sabihin ko sa bata? Na iniwan siya ng mommy niya dahil wala siyang halaga dito? O gusto mong sabihin ko sa kanya ang totoo? That her mom is a selfish little—”

“Enough!” malakas na sabat ni Louie. Humugot ito ng malalim na hininga. “Look Jon, naiintindihan talaga kita. Kaya nga kahit karapatan niyang makita ang anak n'yo

hindi ko sinabi kung paano niya makikita si Jessy, sabi ko mag-usap muna kayo.”

Sumandal si Jon sa upuan nito, nakahalukipkip. “Salamat kung ganoon. Ano pa ba ang pag-uusapan namin? Noong umalis siya, malinaw niyang ipinakita na ayaw niya sa bata.”

Sa halip na sumagot agad ay isinalansan ni Louie ang mga time card, laptop at logbook na nasa mesa.

“Marami.” Pagkasabi niyon ay iniwan na sila nito sa maliit na opisina.



Sa sama ng tingin ng asawa sa kanya, pakiramdam ni Ashley ay tinutunaw siya ng titig nito. Tinakasan siya ng tapang. Tumingin pa sa relo ang lalaki. “Talk. Make it quick. Paggising ni Jessy hahanapin ako n’on.”

Lumunok muna siya. “I...I want to be part of Jessy’s life.”

Dumilim ang mukha ng kaharap. Sa malalim na paghinga nito, halatang nagpipigil ito ng galit.

“Sana naisip mo iyan noon bago mo ka—” Marahas na umiling ito, “siya iniwan.”

“Umalis ako because I love her...” Hindi man lumabas sa bibig niya, sinasabi naman ng mga mata niya: *And you “so much.”* Kinuha niya ang kamay nito na agad nitong binawi. Nasaktan man sa ginawi ng asawa ay nagpatuloy siya.

“Walang araw na lumipas na hindi ko kayo naisip. Pero kailangan ko munang ayusin ang sarili ko. I was

never a good wife, how can I be a good mother?"

"So naisip mo, mas maganda para sa akin na wala na lang akong asawa at wala na lang mommy si Jessy."

"Hindi ganoon! I had to leave, Jon. Para matutunan kong maging mabuting asawa sa 'yo at mommy kay Jessy. How could I take care of Jessy if I were such a mess?" pagtatanggol niya sa sarili. Napakahirap na nga ng sitwasyon niya, lalo pang humirap dahil ayaw siyang patapusin ng lalaki sa pagpapaliwanag.

"Ah, so you think you're not anymore?" nanunuyang balik nito, nakataas ang isang sulok ng mga labi.

Nagbaba siya ng tingin, pinipigilan ang sariling maluha. Alam niyang magiging mahirap para kay Jon ang tanggapin siyang muli, pero paano ba niya ipaiintindi rito na hindi rin naging madali para sa kanya ang naging desisyong lumayo apat na taon na ang nakalilipas?

"Ilang beses kong inisip bumalik pero pinigilan ko ang sarili ko hanggang sa tingin ko ready na ako."

"Congratulations! After four years ready ka na. Too bad, dahil kahit ready ka nang harapin ang responsibilidad mo sa bata, hindi ka na niya kailangan," malamig na tugon nito.

Agad niyang naiangat ang ulo, matamang pinagmasdan ang kaharap. Napalunok siya at pilit na sinasaway ang luhang nagsisimula nang maipon sa mga mata niya.

"Please, Jon, give me another chance."

"Another chance? Hindi ako santo, Ashley! Ilang chances ba ang gusto mong ibigay ko sa 'yo? Dalawang

beses kitang sinundan doon pero not once did you bother to see me. Kahit anong pagmamakaawa ko sa mommy mo, damn it! Napilitan akong iwan si Jessy sa yaya niya at kay Louie, para kumbinsihin kang bumalik. Alam kong each time I was there nakikinig ka sa usapan namin! For two years pinaniwala ko ang sarili ko na post partum depression lang ang dinadaan mo and you're not the cold-hearted—”

Parang granadang sumabog si Jon. Hindi niya mapigil ang sariling ilabas lahat ng galit at hinanakit sa babae. “What? Dadaanin mo na naman ako sa iyak?” iiling-iling na tanong niya habang pinagmamasdan ito.

Bahagyang nanginginig ang mga labi nito. She was desperately trying to blink back her tears. Pinapalalim nito ang paghinga para pakalmahin ang sarili. She failed miserably. Naglaglagan ang luha nito.

Damn it! Sa kabila ng sarkasmo sa tinig niya ay nakonsyensya siya sa anyo ni Ashley. Hindi nakakatulong na ganoon mismo ang hitsura ng anak sa tuwing pinipilit nitong pahintuin ang sarili sa pag-iyak. Naikuyom niya ang mga kamay.

Ang pag-iyak nito nang ganoon ang puno't dulo ng lahat. Magbuhat nang malaman niyang pamangkin ito ni Louie ay sinubukan niyang dumistansya rito.

Isang beses lang niyang hindi nagawa iyon.



Bilang accountant ng resort chain ay kasama sa trabaho ni Jon ang paglilibot sa mga properties na pag-aari ng

kompanya para siguruhing nasa wasto ang pag-aayos ng financial records ng bawat resort.

Mabilis naman niyang naisaayos ang mga maliliit na detalyeng dapat itama sa mga records ng resort, isang gabi na lang ang ilalagi niya roon at makakabalik na siya ng Maynila. Naalala niyang tuwing summer, dalawang beses sa isang buwan ay nagpapa-beach party ang resort, kaya nagpasya siyang pumunta roon nang mabagot siya sa sariling silid.

Sa eksenang dinatnan niya, mukhang matagal nang nagkakasiyahan ang mga naroon. Halu-halo ang edad ng mga taong sumasayaw sa musika ng bandang tumutugtog sa entablado. Isang grupo ang pumukaw sa atensyon niya. Sa isang partikular na dalaga nanatili ang mga mata niya. Sandali pa lamang niyang nagagawa iyon nang salubungin nito ang kanyang tingin. Dahan-dahang gumuhit ang ngiti sa mga labi nito, ngiting pilit niyang iwinawaksi sa isip mula nang malaman niya kung sino ito.

Humiwalay ito sa mga kasama at naglakad patungo sa kinatatayuan niya. Nanuyo ang kanyang lalamunan habang papalapit ang babae na siguradong mananalò sa Bikini Open kung lalahok ito sa ganoong kompetisyon. Marahil ay puwede rin itong modelo para sa isang beer commercial sa suot nitong two piece swimsuit na pinatungan lang ng maikling dress na puti na halos transparent na sa nipis. May hawak itong bote ng San Mig Light sa isang kamay.

“Jon!” Halata sa mukha nitong galak na galak itong makita siya. “Are you following me?” nanunuksong tanong nito pagkatapos ilapat ang palad nito sa dibdib niya.

Napailing na lang siya. Ano ba ang gagawin niya sa dalagang ito? Tila balak nitong gawing career ang subukin

kung gaano kalakas ang pagtitimpi niya sa sarili. Sunud-sunod na tanong ang itinugon niya rito. Sinikap din niyang magmukhang istrikto habang ginagawa iyon.

“What are you doing here, Ash? Alam ba ni Louie na nandito ka? Gaano karami na ang naiinom mo?” Sa pakiwari niya ay marami-rami na rin, dahil bahagyang naamoy niya ang alcohol sa hininga nito at kitang-kita ang pamumula ng balat nito, pero mukhang kaya naman nitong dalhin ang sarili.

Sa pagkadismaya niya, sa halip na sumagot ay ikinawit nito sa leeg niya ang kamay nitong kanina lang ay nakalapat sa kanyang dibdib. Hindi pa nagkasya roon, isinunod pa nito ang isang kamay. Kahit na tumatama na sa likod niya ang malamig na bote ng beer na hawak nito ay hindi naibsan niyon ang init na nararamdaman niya lalo pa at inilapit pa nito ang katawan sa kanya. Sinubukan niyang alisin ang mga kamay nito sa leeg niya, pero lalo nitong hinigpitan ang pagkakayakap sa kanya at pinagdikit pa ang kanilang mga pisngi. Napalunok siya nang maramdaman ang mainit na hangin sa tainga niya nang bumulong ito.

“Relax, Jon. Alam ni Kuya na nandito kami ng friends ko. I turned nineteen last week. Siya nga ang sponsor namin sa trip na ito, eh.”

Namura niya sa isip si Louie. Kasalanan nito kung bakit hirap na hirap siya nang mga sandaling ito. Hindi niya maintindihan kung anong method ng pagdidisiplina ang ginagamit nito para sa pamangkin dahil sa pakiwari niya ay wala itong ginawa kung hindi kunsintihin ang kalokohan ng babae.

“Look, Ashley, I came here with my girlfriend kaya utang

na loob bago pa niya tayo makita, lumayo ka na sa akin.”
Laking pasasalamat niyang binili nito ang pagsisinungaling niya. Parang napasong agad na kumalas ito sa pagkakayakap sa kanya. Parang gusto niyang bawiin ang sinabi nang makita ang hinanakit sa mga mata nito.

“Really? Sayang...oh, well...your loss.” Iyon lang at tinalikuran na siya nito, iniwan siyang nakatitig sa kahalinang paggalaw ng balakang nito. Kung hindi lang niya nakita agad ang mga mata nito bago ito tumalikod, iisipin niyang balewala lang dito ang sinabi niya.

Naiinis siya sa sarili dahil nakaramdam siya ng kawalan nang umalis ito para muling sumama sa mga kaibigan. Nagngitngit pa siya nang makitang inakbayan ito ng isa sa mga lalaking kasama nito. Hindi ba iyon naman ang gusto niyang mangyari? Ang hindi na siya bulabugin nito.

Tuwing magkikita sila ni Louie sa bahay nito at naiwan silang dalawa ni Ashley, ginagawang pampalipas-oras ng dalaga ang panunukso sa kanya. At hindi ito nagmimintis sa pagtatagumpay. Ang malakas na control niya lang sa sarili ang hadlang para maging ganap ang pagkapanalo ng dalaga.

Bakit nga ba noon lang niya naisipang sabihin ditong may girlfriend siya? Iyon lang pala ang magtataboy rito. Simple lang ang sagot doon. Dahil sa kasuluk-sulukan ng isip ni Jon ay ayaw niya itong lumayo. Para siyang sinikmuraan sa realisasyong iyon.

They simply couldn't be together. Ang tanging mag-uugnay lang sa kanila pag nagkataon ay ang pisikal na atraksyon sa isa't isa. Iyon nga lang ba?

Kung gayon, paano niya ipaliliwanag ang paghanga niya rito sa mga pagkakataong nagbibigay ito ng makabuluhang

inputs kapag kausap nila ito ni Louie tungkol sa negosyong itatayo? O ang pagkagiliw niya rito sa mga panahong sila lang at hindi siya inaakit nito. Nahilamos na lang niya ang palad sa mukha bilang sagot sa mga tanong na naglalaro sa isip niya.

Natagpuan niya ang sariling lihim na sinusundan ang bawat galaw ng dalaga nang gabing iyon. Noong una ay natatawa lamang siya sa mga kalokohan nito at ng mga kasama nito, pero kalaunan ay naalarma na siya. Umalis na ang dalawang pares sa mga kasama ni Ashley at naiwan itong nakikipagpatibayan sa pag-inom ng beer sa dalawang lalaking natitira, at ang isa sa mga ito ay halatang may tama na. Tingin niya sa dami ng nainom nito ay hindi na nahahalata ng dalaga na panay na ang hawak ng isang kasama rito.

Ilang minuto pa ang lumipas at hindi na niya napigilan ang sariling lumapit sa mga ito nang makitang halos mapayakap na si Ashley sa katabi nito nang subukan nitong tumayo. Ang isa pang lalaki ay mabilis na ipinulupot ang braso sa baywang ng dalaga. Kung wala mang malisya o masamang binabalak ang mga ito, hindi siya nakakasiguro at hindi niya iyon isusugal.

“Tingin ko dapat siguro ihatid ko na siya sa room niya. Sige na, ako na’ng bahala dito,” sabi niya sa dalawang kasama ni Ashley habang inaakay ang dalagang susuray-suray ang lakad.

“Sorry, guys, killjoy kasi itong kaibigan ni Kuya Louie, eh. Baka isumbong ako hindi na ako payagan ulit,” patong-patong na ang mga salitang paalam nito sa mga kasama.

Tututol pa dapat ang dalawa, pero nang makita ang matalim na tinging ibinigay niya sa mga ito, minabuti ng mga

itong itikom ang bibig.

Kasasara pa lang ng pinto ng silid ni Ashley ay nasusuka na ito. Inalalayan niya ito papunta sa banyo.

“Sa susunod, huwag kang iinom kung hindi mo kaya!” Galit man ay panay ang hagod niya sa likod nito habang nagdududuwal ito. Nang makapaghilamos at makapag-toothbrush na ito, inalalayan niya ito paupo sa kama. Hindi pa gaanong lumalapat ang pang-upo nito roon ay tila hangal ang kausap na kinagalitan niya ito.

“Talaga bang ganyan ka? Wala ka bang pagpapahalaga sa sarili mo? O kasama sa wish list mo ang threesome?” hindi niya napigilang akusa rito.

Agad niyang pinagsisihan ang mga sinabi.

Parang dinudurog ang puso niya sa anyo nito habang nanginginig ang labi at pilit na pinipigilang bumagsak ang luha. “Bakit ba ang baba ng tingin mo sa akin? The only reason I drank so much is because I wanted to forget!”

Napatigil siya sa paroo’t paritong paglalakad sa harap nito. “What the hell do you want to forget so badly na iri-risk mo na ma-rape ka n’ung dalawang gunggong na kasama mo?”

“I want to forget that you refused to give me your love. As if that’s not painful enough, you gave it to someone else,” sabi nito sa mahinang tinig, nakayuko.

Napapikit na lang si Jon nang mariin at dahan-dahang umupo sa harap nito. Sa unang pagkakataon ay muli niyang hinayaan ang sariling boluntaryo itong hawakan. Hinaplos niya ang pisngi nito at itinaas ang mukha nito para magkasalubong ang kanilang mga mata.

“Ash, you know we can’t be together. Masyado ka pang bata. ’Yung akala mong nararamdaman mo para sa akin,

mawawala din iyan. Kung iniisip mo... what could have been kung hindi ka pamangkin ni Louie, don't, dahil pareho nating alam the first time we met sa coffee shop na physical attraction lang ang nararamdaman natin para sa isa't isa. Kung hindi siya dumating, makakasama ka lang sa listahan ko ng mga naka-one-night stand."

Umiling siya nang magsimula itong tumutol sa sinabi niya. Ang malaking pagkakamali ni Jon ay hinayaan niya itong makita sa kanyang mga mata na kahit siya ay hindi kumbinsido sa sinasabi niya.

"Do you really believe that?" pabulong na tanong nito.

Nag-alinlangan siyang saglit bago marahang tumango.

Tuluyan nang dumaloy ang mga luha nito, "Liar," sambit nito. "Kung ganoon bumalik ka na sa girlfriend mo. Sana maging masaya kayo," anas nito bago tinabig ang kamay niya.

Tumayo ito at ipinagbukas siya ng pinto, sa sahig ipinako ang mga mata habang hinihintay siyang tumayo at lumabas.

Iyon ang tamang gawin, ang lumabas siya. Pero hindi niya ginawa. Sa lahat ng hayagang pang-aakit ni Ashley sa kanya, hindi siya nawawalan ng control sa sarili, pero ang malamang mas malalim sa inaakala niya ang nararamdaman nito para sa kanya at makitang nasasaktan ito nang dahil sa kanya ang nakapagpawala ng kapit niya sa pinangangalagaang kontrol sa sarili.


Hindi na niya namalayan kung ano ang nangyari. Ang natatandaan niya, mabigat ang puso at mga paang tinungo niya ang pinto. Batid niyang paglabas niya sa silid na iyon, tuluyan na nilang kalilimutan ang nararamdaman para sa isa't isa.

Natagpuan na lang niya ang sariling hinahagkan ang

mga labi nito nang walang pag-aalinlangan habang isinasara ang pinto. Kapwa sila naging abala sa paghaplos sa isa't isa at sa pagtanggap ng mga damit sa katawan hanggang sa magising siya kinabukasan sa realisasyong ang babae sa bisig niya ay hindi pa naangkin ng iba sa kabila ng imaheng ipinakita nito sa kanya.

At heto sila ngayon, makalipas ang limang taon.





CHAPTER 4

Puno ng sigla ang gising ni Ashley. Sa kabila ng makasunog balat na mga salitang natikman niya kay Jon, nakakita siya ng pag-asa.

He never could resist her tears, not that she cried on purpose.

Ang buong akala niya talaga noong araw na iyon ay sarado na ang isip at puso ng asawa sa pagtanggap sa kanya. Nakita niya sa mukha nito ang paghihirap ng kalooban nang makita siyang umiiyak, kahit pa pinilit nitong ikubli sa galit ang emosyon nito. Sapat na iyon.

Buong maghapon at magdamag siyang nagplano. Nagawa na niyang maging kanya si Jon noon, kaya niya muling gawin iyon ngayon. Jon's love wasn't the only one at stake, but her daughter's as well.

Simple lang naman ang plano niya. Sabi ng iba, the best way to a man's heart is through his stomach. She begs to differ. Hindi ang pagluluto niya ang naging daan para masungkit ang puso ni Jon noon.

It was her body's power over him, hence operation Seduction of Jon was set into motion. Ang tunawin ang galit sa puso ng asawa ang pinakamahirap sa plano niya. Kapag nagawa na iyon madali na ang mga susunod.

Her daughter wasn't a problem, their mother and daughter bond would always be there. She only had to strengthen it. Kung pagbabasehan ang una nilang pagkikita sa playground ng bata, may pakiramdam siyang hindi na magiging mahirap para rito ang mahalin siya dahil nag-uumapaw ang pagmamahal nito.

Tila may pumipiga sa puso niya kasabay ng pag-iinit ng kanyang mga mata. Puno ng pagmamahal ang puso ng anak niya at ang ama lang nito ang nakikita nitong pagbubuhusan niyon...at ang pusang ligaw. Kung hindi sana siya lumayo...

Kumurap-kurap siya.

Focus, Ashley! sita niya sa sarili. Kaya siya naroon ngayon at nagpakapuyat sa pagpaplano ay para ilagay sa wasto ang mga pagkakamali niya.



Malaki ang problema ni Jon. Kahit anong hilot ang gawin niya sa sentido, hindi naibsan niyon ang sakit ng ulong dulot ng pag-alis ni Yaya Pillar. Ito na ang nag-alaga kay Jessy magbuhat nang sanggol pa lamang ang anak niya.

Mangingibang-bansa raw para maghanap buhay ang kapatid nito na naiwang nag-aalaga sa may edad nang mga magulang nito. Pinauwi na ito sa probinsya para

may makasama ang matatanda.

Saan siya agad makakahanap ng papalit dito na mapagkakatiwalaan? Noong isang taon pa lang ang bata, kamuntikan na itong ma-kidnap ng yaya na humalili kay Yaya Pillar nang magbakasyon ito saglit. Buhat noon ay hindi na siya nagtangkang maghanap ng kapalit nito sa tuwing magbabakasyon ito.

Ngayon, permanente na itong uuwi. Kahit pagbali-baligtarin niya ang schedule niya, hindi maaaring siya lang ang magbantay kay Jessy. Noong mga sandaling iyon bumalik sa alaala niya ang imahe ng asawa at anak niya na magkasama sa playground.

Lalo yatang sumakit ang ulo niya.



“Freelance web designer si Ash, so I’m sure she can rearrange her schedule para mabantayan si Jessy at magawa ang mga trabaho para sa clients niya.” Bakas sa mukha ni Louie ang kasiyahan nang sabihin niya rito ang balak na gawing tagapag-alaga ni Jessy ang pamangkin nito.

“Siguradong matutuwa si Ash pag nalaman niya.” Nagmamadaling dinampot nito ang telepono.

“Not so fast.” Pinindot ni Jon ang plunger ng telepono. “Kung gusto niyang alagaan si Jessy, it will be on my terms.” Kumunot ang noo ng kausap. “Ipapakilala ko si Ashley bilang pamangkin mo at kaibigan ko, kaya Tita ang itatawag sa kanya ni Jessy—hindi Mommy. She will not be staying with us, sa bahay mo pa rin siya uuwi.”

Matagal siyang pinagmasdan ng kaharap, wari ay naninimbang bago nagsalita. “Don’t you think you’re going too far?”

“Going too far?” balik niya sa malamig na tinig. Nakapaloob na sa tono ng pananalita niya ang gusto niyang sabihin kaya ni hindi na nakuhang umalma ni Louie. Dahan-dahang tumango na lamang ito bago itinuloy ang pagpindot sa mga numero ng telepono para ipahatid sa pamangkin nito ang mensahe niya.



“Hindi ka sa bahay matutulog, dapat eight o’ clock ng umaga nandito ka na. Susubukan kong makauwi dito ng six o’ clock everyday para makauwi ka rin nang maaga.” Inilapat ni Ashley ang palad sa braso ni Jon na nakapatong sa mesa. Tiningnan nito ng masama ang kamay niya saka ibinalik ang matalim na tingin sa mga mata niya. Agad niyang binawi ang kamay.

“Don’t you think mas praktikal na sa bahay n’yo na lang ako mag-stay? That way I could watch over Jessy any time of the day.” Napabuntong-hininga na lang siya at tumango bilang pagsang-ayon nang makita niyang tinaasan lang siya ng kilay ng lalaki.

Makapal at mataas ang pader na inilagay nito sa pagitan nila, pero kung kailangan niyang sinsilin iyon araw-araw hanggang sa matibag ay gagawin niya. Kung ang kapalit naman niyon ay ang muli siyang mahalin nito.

Nang tawagan siya ni Louie para sabihing kailangan siya ni Jon para bantayan ang anak nila, hindi niya

maipaliwanag ang kasiyahang naramdaman niya.

Nabawasan iyon nang malaman niya ang mga kondisyon ni Jon. Pinili niyang magkaroon ng positibong pananaw, alam naman niya sa simula pa lang na hindi magiging madali ang bumalik sa buhay ng kanyang mag-ama.

Ang desisyon ni Jon na huwag siyang patirahin sa bahay nito ay isang malaking balakid sa plano niya. Paano siya mapapalapit sa lalaki kung masusunod ang kagustuhan nito? Pero sabi nga nila, beggars can't be choosers. She was exactly that. Kung ano man ang kayang ibigay nito, kailangan niyang tanggapin at pagkasyahin ang sarili roon...for now.

"Good. I'll see you tomorrow. Itanong mo na lang kay Louie kung paano pumunta sa bahay." Tumayo na ito, walang lingon-likod siyang iniwan. Umaasa siyang darating din ang araw na muli siyang titingnan nito nang walang galit sa mga mata at may ngiti na sa mga labi.



"I'm impressed," ani Ashley habang iginagala ang mga mata sa bahay ni Jon. Minimalist ito kaya napakaaliwalas ng lugar. Kung sabagay, kahit na noong sa condo pa sila nakatira maayos na talaga ito sa bahay at ayaw ng kalat. Ang pinakanakapukaw ng atensyon niya ay ang mga gamit at pagkakaayos ng mga iyon. Napakaluwag at ligtas na ligtas para sa isang bata ang buong kabahayan. Ang mga furniture ay hindi kakikitaan ng kanto, puro pa-curve lahat ang mga ito.

"Si Jessy ang main concern ko noong ipinapagawa

ko ang bahay, hindi ang magpa-impress sa ibang tao at lalong hindi sa 'yo." Tinalikuran na siya nito at mabilis na naglakad patungo sa dining area.

"A simple thank you would have been enough," sarkastikong bulong niya sa sarili. Kung ang goal niya ay mahalín siyang muli ng lalaki—sa ikinikilos ni Jon—tila ang gusto nito ay sakalin siya.

Nang pagbuksan siya nito ng gate, pakiramdam ni Ashley ay isa siyang ahente ng kung anong produkto na nangungulit sa lalaki na bumili. Kung hindi lang siguro nito naalala na walang mag-aalaga sa anak nila, baka ipinagtabuyan na siya nito.

Malaki talaga ang pasasalamat niya na agad tinanggap ni Jessy ang presensya niya. Tuwang-tuwa ang bata nang makita siya nito, agad nitong iniwan ang cereal na kinakain at lumapit sa kanila. Bagaman kumapit ito sa hita ng ama, kitang-kita sa mga mata nito ang kagalakang muli siyang makita. Saglit lang itong nag-usisa sa ama kung bakit naroon ang babaeng nakita nito sa school ilang linggo na ang nakalilipas.

Nag-uumapaw ang kaligayahan ni Ashley nang ibuka nito ang mga braso at agad na nagpakarga sa kanya. Nang pumulupot na sa maliit na katawan nito ang mga braso niya pinipigil niya ang maluha sa kagalakan. Inikot niya ito at ibinaling ang likod niya sa asawa para hindi nito makita ang mukha niya. Niyakap niya ang bata nang ubod ng higpit at hinalikan ito nang kung ilang ulit. Tila kuntentong inihilig naman nito ang ulo sa balikat niya.

It was only when Jon cleared his throat that she

remembered to let go of her daughter.

Nang umalis na ang lalaki, sinimulan na niya ang pagbawi sa anak na ilang taon niyang inabandona.

Kahit na excited itong ipakita sa kanya ang silid at ang mga laruan nito, nakumbinsi niya si Jessy na ubusin muna ang pagkaing naiwan nito nang dumating siya.

Ang silid ng anak niya ay parang sa isang munting prinsesa, pink at purple ang mga dominanteng kulay at ang isang pader ay may cubby storage na puno ng laruan. May isang maliit na mesa na may tea set sa ibabaw. May nakaladlad na pink tulle sa toddler bed nito. Naitakip ni Ashley ang kamay sa bibig nang dumako ang mga mata niya sa side table. Parang may bikig sa lalamunan niya habang dinadampot ang picture frame.

“That’s my mommy,” tila may bahid ng pagmamalaking sabi ng bata. “Daddy said she was pretty, just like me. But she’s already in heaven now.”

At least sinabi ng lalaki na nasa heaven siya. Sa pakikiharap kasi nito sa kanya, hindi siya magtataka kung sinabi nito sa anak na nasa impyerno siya. Inalis niya ang pagkakatingin sa litrato niya noong anim na buwan pa lang si Jessy sa kanyang sinapupunan.

Inilapag niya ang litrato at umupo sa gilid ng kama para magkapantay sila nito. Iniipit niya sa tainga ng paslit ang ilang hibla ng buhok na humarang sa mukha nito. “You are very pretty.”

Naaalala niya ang araw na iyon. It was one of those days na masyado yata siyang apektado ng hormones kaya saksakan siya ng emotional at unpredictable ang mga

pinaggagawa. Naisipan niyang ipagupit ang buhok niya nang ubod ng ikli. Pakiramdam niya ay nagmukha siyang siopao na pinatungan ng buhok kaya tila bata siyang nag-iiyak. Inalo siya ni Jon noon at sinabing kahit ano pa ang hitsura ng buhok niya o tumaba man siya ay maganda pa rin siya sa paningin nito.

Parang may kumurot sa puso niya, lalo niyang ginusto na muling maibalik ang pagmamahal sa kanya ni Jon. Alagang-alaga siya nito noong nagsasama pa sila.

Kaya pala ganoon na lang ang pagkakatatig ng bata sa kanya noong una sila nitong magkita. Marahil, sa isang sulok ng isip nito ay may naaalala ito. Pero dahil iba ang gupit at kulay ng buhok ni Ashley ngayon at may malaking umbok siya sa tiyan dati—at ang pagkakaalam nito na wala na siya sa mundong ibabaw, hindi nito naisip na ang babae sa litrato at siya ay iisa. Kahit pala sinabi ni Jon dito na wala na itong ina, may kaunting alaala pa rin pala niya na ipinagkaloob ito sa anak nila.



Ang humahagikgik na tinig ng anak agad ang nabungaran ni Jon pagbukas niya ng pinto ng bahay. Agad nawala ang pagod niya. Kagagaling lang niya sa Libis at usad pagong ang daloy ng traffic sa lahat ng kalyeng dinaanan niya. Ilang beses din siyang nagpabalik-balik sa *Ortigas Home Depot* dahil kulang-kulang ang listahan ng karpinterong gumagawa sa resto bar.

Siya ang nagbantay noong araw na iyon sa mga gumagawa sa resto bar na naisipan nilang itayo ni Louie

matapos lumago ang naunang negosyong pinagsosyohan nila.

Masyadong abala ang asawa—asawa sa papel, iritableng pagtatama niya sa sarili—para mapansing dumating na siya. Hindi pa rin siya makapaniwalang naroon si Ashley sa pamamahay niya. Marahas siyang umiling. Masyadong abala ang anak niya at ang babae na hindi na namalayan ng mga ito ang pagpasok niya.

Dumerecho muna siya sa silid niya upang magbihis. Napangiti siya nang marinig ulit niya sa baby monitor ang hagikgik ng anak. Kusang lumipat ang mga mata niya sa maliit na screen, nakita niya kung bakit ganoon na lang kung makatawa si Jessy. Ayaw man niya, lalong lumawak ang ngiti niya.

Daig pa ni Ashley ang bida sa *Prison Break* sa dami ng animo'y tattoo sa braso at mukha nito. Kasalukuyang dinadagdagan pa ng bata ang obra nito. Sa tabi ng mga ito makikita ang nagkalat na mga foam letters at flashcards ng mga iba't ibang hayop.

Naramdaman ni Ashley ang presensya ng asawa bago pa man niya ito makitang nakahalukikip ang mga braso habang nakahilig sa hamba ng pinto. Pinagmamasdan sila nito, naging conscious tuloy siya sa kanyang anyo.

Bakas sa mukha nito ang pagod pero sa kabila niyon ay hindi nabawasan ang kaguwapuhan nito. Lumipas man ang apat na taon, ganoon pa rin ang init na hatid ng mga mata ni Jon sa tuwing nakatitig ito nang ganoon sa kanya. Para tuloy gusto niya itong lundagin at ipulupot ang braso sa leeg nito at halikan para pawiin ang pagod

nito. Sa halip ay nginitian niya ito.

Hindi nito ibinalik ang ngiti niya. Sinubukan niyang alisin ang kirot sa puso niya. Sa simula pa lang alam na niyang matatagalan bago niya maibalik ang dating pagtingin nito sa kanya.

Sa ngayon masaya lang siya na nakasama niya buong maghapon ang anak. Buong araw silang naglaro nito, pinag-swimming pa niya ito sa inflatable pool nito na nakita niyang nakatambak sa attic. Matapos itong matulog ay sinubukan niyang alamin kung ano na ang mga nalalaman ng bata at bumilib siya sa talino ng anak. Sa edad na apat ay kaya na nitong magbasa ng libro, magbilang hanggang 100, magsulat ng buong pangalan at bumuo ng twenty-four pieces na puzzle. Alam na rin nito kung paano baybayin ang ibang hayop na binubuo ng tatlo o apat na letra. Maging ang mag-add at subtract ng mga single digit na numero ay kaya na rin nito.

Pakikitaan niya ito ng flashcard ng hayop at susubukan nitong i-spell ang pangalan ng hayop gamit ang foam letters. Kung magagawa ito ng bata nang tama, hahayaan niya itong mag-drawing o lagyan ng stamp ang kanyang mukha at braso. Malakas ang loob niya dahil washable naman ang mga tinta.

Iyon ang kasalukuyang ginagawa nila kaya inabutan siya ni Jon na tila canvas ang mukha at braso.

“Daddy! Daddy!” masayang sigaw ng bata na pumutol sa pagtititigan nila ni Jonathan. “Tita Ashley is so much fun! She let me draw on her!” excited na pagkukuwento nito sa ama.

Sinimulan na niyang iligpit ang mga nagkalat na mga gamit sa sahig. Binuhat ng ama ang bata. “I can see that. But, Jessy, not all of your markers are washable, right?”

Kasalukuyang hawak ni Ashley ang isa sa mga markers, binasa niya ang nakasulat doon. Permanent marker. Sa dalawampu’t apat na markers na nagkalat, walo pala doon ay hindi washable. Nangingiting napailing na lang siya at itinuloy ang pagliligpit nang marinig ang “Oops,” ni Jessy.

Gaano kaya kapula ang balat niya bago niya mabura sa mukha ang obra ng anak?

Ipinihit niya ang ulo sa gawi ng mag-ama nang may marinig siyang impit na pagtawa. Agad na tumalikod ang lalaki, bitbit ang anak at malalaki ang hakbang na naglakad palabas ng silid ni Jessy. Hindi pa rin nakalusot sa paningin ni Ashley ang panginginig ng balikat ni Jon.

He maybe laughing *at* her, but at least she made him laugh. Maybe, just maybe the next time around he would be laughing *with* her.

Ayaw man ni Jon, doon na naghapunan si Ashley. Paano siya tatanggi sa kahilingan ng anak gayong kitang-kita niya sa mga mata ng bata kung gaano ito kasaya? Kung siya lang ang masusunod, kanina pa niya pinauwi ang babae. Her presence was disturbing.

Noong datnan niya ang mga ito na nagkakasiyahan sa silid ng anak, hindi niya naagapan ang sarili sa pagtitig sa babae. Sa kabila ng ginawa nito sa kanilang mag-ama, hindi niya mapigil ang tila puwersang humahatak sa kanya rito. Isang ngiti lang nito, parang kayang gibain ang

pader na itinayo niya simula pa nang una silang magkita nitong muli.

Nayayamot siya sa sarili dahil sa kabila ng maraming taon, sariwa pa rin sa kanya ang sakit na dulot ng paglayo nito sa kanila. Pagkatapos heto siya ngayon at kailangan pang pigilan ang sarili sa pagtitig sa babae.

Walang sabi-sabi siyang tumayo mula sa hapag at lumabas para manigarilyo, masamang bisyong natutunan niyang bawasan simula nang ipagbuntis ni Ashley ang anak nila. Hinahayaan lang niya ang sariling balikan ang bisyo sa tuwing nai-stress.

Iritableng isinuklay ni Jon ang mga daliri sa buhok kasabay ng marahas na pagbuga ng usok. Kung mauulit pa nang madalas ang nangyari kanina habang sinusubukan ng asawa na alisin ang tinta ng markers sa mukha at braso nito, baka mamatay na lang siya sa lung cancer.

Hindi maiwan ng bata ang pinanonood nitong cartoons sa TV, kaya kusa siyang tumayo para kuhanin ang maliit na stuffed toy na *Minnie Mouse* na laging nilalaro at niyayakap ng anak magbuhat pa nang matuto itong dumampot ng mga bagay.

Nakita niya sa nakabukas na pinto ng banyo sa kuwarte ng bata si Ashley, sinasabon nito ang braso pero makulay pa rin iyon. Sa halip na si *Minnie Mouse* ang kunin, isang wash cloth ang dinampot ni Jon.

Nilagyan niya iyon ng liquid soap mula sa dispenser. Walang salitang inilapat niya sa palad nito ang wash cloth. Bakas ang gulat sa mukha nito sa boluntaryong paghawak at paglapit niya rito.

Namura niya ang sarili sa isip. Sa huling sandali ay nahabol pa ni Jon ang katinuan ng pag-iisip na kamuntikan nang umalpas sa kanya.

Ang balak niya talagang gawin noong lumapit siya rito ay siya mismo ang magkuskos ng mabulang wash cloth sa mukha, braso at leeg nito—ang muling maramdaman sa palad niya ang malambot na balat ni Ashley. Katulad ng madalas na ginagawa niya sa hubad na katawan nito noon habang sabay silang naliligo.

Naalala rin kaya nito iyon? Bumaba ang tingin niya sa bahagyang nakaawang na mga labi nito. Gayon na lang ang pagpipigil niya sa sariling kamkamin ang mga labing iyon.

Gago! Tanga! Get the hell out of here and for once, let your brain and not that thing hanging between your legs do the thinking for you! Para siyang taong tulog na inihulog sa swimming pool, agad siyang natauhan.

“Gamitan mo kasi ng wash cloth para maalis, palibhasa kasi hindi mo pa nagagawang mag-alis ng iba’t ibang klase ng dumi sa bata,” maanghang na sabi niya rito sabay talikod.

Nakaligpit na ang mga pinagkainan nila pagpasok niya muli sa bahay. Kahit papaano pala ay may ipinagbago na ang babae.

“Naka-shower na si Jessy. Mabilis lang din siyang nakatulog, hinihintay ka niya sana para mag-goodnight kaso napagod siguro sa maghaponing paglalaro.”

Ganoon na ba siya katagal sa labas? Nilingon ni Jon ang pinanggalingan ng tinig at muling isinauli sa dish

drainer ang hawak na pinggan.

Tumiim ang bagang niya nang harapin ang babae, nabasa ang kamiseta nito nang paliguan ang anak nila. He could see her lacy bra and the curve of her waist through the thin wet fabric. At hindi niya gusto ang epekto niyon sa kanya.

“If that’s the case, bakit nandito ka pa?” halos pasinghal na balik niya habang naglalakad patungo sa main door.

“Right,” mahinang sabi nito, kitang-kita ang lungkot sa mga mata.

Agad naman siyang inusig ng konsyensya. *Damn her for making me feel this way.*

